nḡ bayaning naḡinḡiníg, putláng-putlâ't dugûán ang mḡa matá.

—Mḡa tánod, gapusin ang táong itong tiktík nḡ mḡa kaaway!

Hinandulóng nḡ karamihang kawal si Ipoipo; isinubasob, at sa isang igláp ay nalibid nḡ talì ang boong katawán.

Limáng putók na náringḡíg nḡ kinahapunan sa síwang nḡ dalawang buról, ang siyang naglimbág sa Kasaysayan nḡ Paghihimagsík sa pulông Maligaya, nḡ unang karumaldumal na pagpatáy nḡ isang Bayani nḡ kanilang Katúbusan, nḡ kahapishapis na pagkasawî nḡ isang anak-bayang siniyál nḡ Kasakima't Panḡimbuló...

CELSO.

# *Monumento sa Dakilang Bayani*

Malaong panahong nabibitin ang panukalang makapagtayô dito sa Pasig nḡ isang karapatdapat na alaala sa marilag na amá nḡ ating mḡa kalayaan, panukalang sa banta nami'y magaganap na ayon sa paanyayang ikinalat sa iba't ibang bayan nitong lalawigan, na ganito ang pagkakasabi:

POR RIZAL

La idea de que la provincia de Rizal tenga un "Monumento" dedicado á la memoria del héroe á quien debe su nombre, ha sido y sigue siendo tan popular en esta provincia, que más de una vez se han manifestado iniciativas y proyectos para la realización de tal idea. Ella, no obstante, no ha tenido hasta ahora la conveniente realización por motivos y circunstancias desconocidos, lo cual ha dado lugar á la formación de un Comité que trate de los medios de llevar el proyecto adelante, Comité compuesto de los señores Octavio Amado, Ambrosio Flores, Fermín Paz, Silvestre Apacible y Servando de los Angeles.

El primer acuerdo de este Comité ha sido el de promover un miting magno atrayendo al mismo á todas las personas de buena voluntad de la Provincia, donde exploradas las opiniones de todas se pueda proceder á la elección de los Comités convenientes y tratar de los medios más conducentes para llevar á cabo tan patriótica idea.

En su virtud, este Comité tiene el honor de invitar á V. al miting que con dicho objeto tendrá lugar en la casa del Sr. Angel Asunción, sita en la Calle Real del barrio de Bambang de esta capital, el domingo 2 de Mayo próximo, á las 3 y ½ en punto de la tarde, agradeciéndole de antemano su atención, en la seguridad de que hoy como siempre no se desmentirá el patriotismo de que ha dado V. tantas pruebas.

ALANG-ALANG KAY RIZAL

Ang panukalang magkaroon ang lalawigang Rizal nḡ isang "Monumento" na alaala sa Bayaning kanyang kasanḡay, kaylan man ay pasalak at malaganap sa lalawigang ito, na di na miminsang nápahayág ang ilang balak at mḡa palagay upang matupad ang gayong panukalà. Datapwa't hanga nḡayo'y di pa naisasagawang lubós, sanhî sa mḡa balabalaking kapinsalaang hindi maturan, bagay na naging dahil nḡ pagtatatag nḡayon nḡ isang Lupong hahanap nḡ paraan upang ipagpatuloy ang naulit na munakalà, Lupong binubuò nḡ mḡa Gg. Octavio Amado, Ambrosio Flores, Fermín Paz, Silvestre Apacible at Servando de los Angeles.

Ang unang minarapat nḡ Lupong ito ay ang pagdaraos nḡ isang malaking pulong at anyayahan ang tanang may magagandang loob sa lalawigang ito, upang kung maunawà na ang pasyá nḡ lahat ay magawâ ang paghahalál nḡ mḡa kailanḡang Lupon at pag-usapan ang lalong mḡa tumpák na paraan sa ikatutupad nḡ ganyang napakadakilang panukalà.

Susog sa bagay na ito, ay ikináraranḡal nḡ Lupong nábangit na anyayahan kayó sa pulong na gagawin sa bahay ni G. Angel Asunción, daang Real nḡ nayon nḡ Bambang nḡ panḡulong bayang ito, sa araw nḡ Lingo, ika 2 nḡ papasok na Mayo, sa tadhanang ika 3 at kalahating oras nḡ hapon, tuloy ipinagpapaunà ang pagkilalang loob sa inyong paunlák, lakip ang pag-asang nḡayon at kaylan man ay di mabubulaanan ang inyong pagkamakabayang laging ipinamamalas.

*Pasig, 21 de Abril de 1909.*

## Tungkol sa isang pamagát

Nagpasabi sa amin ang kumathâ nḡ salaysay na may ulong "*Mapaghinala...!*", na sumasa ikasiyam na mukhâ nḡ bilang na ito, upang baguhin ang kanyang pamagat na *Taga-ulap*, nḡuni sapagka't nḡ aming tangapin ang pasabing yaon ay nalimbag na ang naturang mukhà, kaya't dinaramdam namin ang di pagkasunód nḡ pita nḡ giliw naming katulong.

LOS OPERARIOS FILIPINOS

Almacén de comestibles y bebidas del país y del extranjero.

CENTRAL: 6 Villalobos, Quiapo

SUCURSAL: 277 Tabora, S. Nicolos

MANILA, I. F.